# Mithiin nating iwaksi ang pang-aabuso sa bata!



Pagpatay sa bata
sa pamamagitan
ng brutal na



Pagkamatay sa gutom
dahil sa kapabayaan



Seksuwal na
pang-aabuso
ng tagapangalaga

**Mabilis na dumarami ang mga batang nabibiktima ng ganitong kalunos-lunos na pinsala!**

<u>3 bagay na dapat malaman ng lahat tungkol sa pang-aabuso sa bata</u>

① Nagaganap ang karamihan sa pagkamatay dahil sa pang-aabuso mula sa hindi grabeng pang-aabuso na lumala lang ！


② Hindi titigil ang patuloy na pang-aabuso kung walang pipigil dito. Pinakamahalaga ang maagang pagtugon ！

③ Ang "pansin" at "aksyon" ng lahat ang makakapagligtas sa mga bata mula sa pang-aabuso.

**Mga katangian ng mga bata na pinaghihinalaan na inaabuso**

## 「Pang-aabuso gamit ang pananakit」

**Mga bahagi na madaling mapinsala dahil sa pang-aabuso**




◎ Hindi madaling mapinsala ng pagkatumba ang mga bahagi ng katawan na nakasulat sa kaliwa.
Kahina-hinala ang mga pinsala sa ganitong bahagi ng katawan!

◎ Mas kailangang bigyang-pansin ang mga sumusunod na pinsala.

1 Latay sa katawan → 「Pinalo ba ng patpat?」

2 Maraming pasa na iba't ibang kulay → 「Patuloy ba ang pananakit?」

3 Bilog na pamumula ng balat o lapnos→ 「Paso ba ng sigarilyo?」

4 Marka ng ngipin → 「Kinagat ba?」

5 Malaking pasa at pamamaga sa katawan
→ 「Mag-isa ba kayang nagkaroon ng ganito kalaking pinsala kahit magaan ang timbang at walang lakas?」

## 「Kapabayaan」

Mga tanda na may kapabayaan

「 Malnutrisyon 」
「 Marumi 」
「 Kakulangan ng pagmamahal 」

- ○ Kahit walang karamdaman, may kakulangan ang paglaki tulad ng mababang timbang at tangkad
- ○ Marumi at hindi naaangkop sa panahon ang pananamit
- ○ Napabayaang mahaba ang buhok at mga kuko at madungis ang katawan
- ○ Lubhang marami ang bulok na ngipin
- ○ Walang pakialam ang tagapangalaga at pinapabayaan lang ang bata kahit umiiyak ito

## 「Seksuwal at mental pang-aabuso」

Mga tanda na mayroong kahina-hinalang seksuwal na pang-aabuso

- ○ Kaalaman sa sex na hindi angkop sa edad, kakaibang masturbation, paghipo sa ari ng ibang bata at pagpapakita ng sariling ari
- ○ Lubhang pagkakaroon ng interes at paglapit sa hindi kapareho ang kasarian (gender)
- ○ Pananakit sa pag-ihi at iba pa, pinsala o sugat sa ari o butas ng puwit, may urinary tract infection (UTI) at impeksyon sa ari ng babae

Mga tanda na mayroong kahina-hinalang mental na pang-aabuso

- ○ Natatakot sa tagapangalaga o inaalala ang mood nito. Ayaw umuwi ng bahay.
- ○ Kung magkakapatid, may matinding diskriminasyon at paboritismo sa pagitan ng magkakapatid depende sa magulang.



## Kung may hinala na 『pang-aabuso sa bata!?』 ････

**｢Maaaring ipagbigay-alam sa pulisya o sa Child Guidance Center ！**

① Huwag magkunwaring hindi nakita o hindi alam. Kahit sino, may obligasyon na ipagbigay-alam ang pang-aabuso sa bata.

② Sa pagbibigay-alam ,mapipigil ang paglala ng pang-aabuso at magiging daan na bumalik ang tunay na relasyon ng anak at magulang.

**｢Child Abuse Prevention Law Article 6｣**

Dapat ipagbigay-alam agad ng taong nakakita ng batang inaakalang nabiktima ng pang-aabuso ang bagay na ito sa Child Guidance Center

**〜 Tunay na sinabi ng gumawa ng pang-aabuso 〜**

｢Nang panahong iyon, kung hindi ako isinumbong, maaaring nakapatay ako ng bata. Talagang malaking tulong ito para sa akin｣

Hinihiling namin ang kooperasyon ninyo para makagawa ng lipunan na walang pang-aabuso sa bata.

Child Guidance Center

Telepono **189** (para sa konsultasyon)

Child And Women Safety Measures Division ,Department of Community Safety
Gunma Prefectural Police Headquarters

Telepono **027－243－0110** (Trunkline)



(Mr.Jyousyuu)

※ Mayroon ring Child Guidance Center sa bawat bayan.